SULONG!
Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI
www.cardmri.com | Tomo 2 Bilang 4 | Hunyo-Hulyo 2015

# CMDI, kolehiyo na

ni Raffy Antes

**Inaprubahan ng Commision on Higher Education (CHED) ang aplikasyon ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) na maging isang ganap na tertiary school simula ngayong pasukan. Ang CMDI ay nagagalak at buong pagmamalaking ibinahagi ang pagiging unang kolehiyo sa Bay, Laguna at ang kauna-unahang tertiary school na nakapokus sa *microfinance* at *development.***

Ang unang *degree program* ng CMDI ay Bachelor of Science in Entrepreneurship na may espesyalisasyon sa *Microfinance.*

Ang BS Entreprenuership na isang *four-year business course* ay naglalayong makabuo ng mga negosyanteng makapagsimula ng kanilang sariling negosyo, mapaunlad ito at may kakayahang makipagkompitensya sa industriya.

Bilang tugon sa *capacity-building* na kinakailangan ng mga kawani at miyembro ng Center for Agriculture and Rural Development, Inc. (CARD, Inc.), ang CMDI ay nagsimula bilang isang *training unit* ng CARD, Inc. noong 2005.

Bago pa man kilalanin ng CHED ang CMDI bilang isang *tertiary school*, ito ay napahintulutan na ng

**Sundan sa pahina 3**




*Pinangunahan nina (ikatlo sa kaliwa) Gng. Dolores Torres, presidente ng CARD Bank, Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtatag at punong tagapamahala ng CARD MRI at Gng. Flordeliza Sarmiento, ang presidente ng Rizal Bank ang pagbubukas ng CMDI bilang isang ganap na kolehiyo.*

## Queen Maxima ng Netherlands, bumisita sa matagumpay na miyembro ng CARD MRI



*Malugod na sinalubong at binati ng pamilya Garcia ang mahal na reyna ng Netherlands.*

ni Raffy Antes

Binisita ni Queen Maxima ng Netherlands (pangatlo mula sa kaliwa) ang isa sa mga matagumpay na miyembro ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa Cavite na si Gng. Melissa Garcia. Si Queen Maxima, na siyang United Nations Secretary General's Special Advocate (UNSGSA) para sa Inclusive Finance Development, ay nakipagkuwentuhan kay Gng. Garcia tungkol sa kanilang negosyong pinyahan. Si Gng. Garcia ay limang taon nang miyembro ng CARD SME Bank, Inc., isa sa mga institusyon ng CARD MRI. Ang CARD MRI, na itinatag ni Dr. Jaime B. Aristotle Alip noong Disyembre 1986, ay ang Hall of Famer for Financial Inclusion Champion ng Bangko Sentral ng Pilipinas noong 2013.

## MLNI, inihahanda ang mga lokal na negosyante

ni Jeffrey Tandingan

Dumarami ang bilang ng mga manggagawa at negosyanteng natutulungan ng Mga Likha ni Inay (MLNI) sa pagpapalaki at pagpapaunlad ng kanilang mga negosyo. Isa na rito ay si Beth Agarao.

Si Beth ay limang taon nang kasapi ng CARD at isa sa mga regular na nagdadala ng mga *embroidered products* ng MLNI. Si Beth at marami pang miyembrong negosyante ay tinulungan ng MLNI na makilala ang kanilang talento sa paggawa ng mga malikhaing produkto para sa mas malawak na merkado.

Binuksan ng mag-asawang Agarao ang Agarao Gowns and Barong Embroidery noong Agosto 2004. Sinimulan nila ang maliit nilang negosyo sa limang libong kapital dala ang kanilang pangarap na makilala ang kanilang de-kalidad na produkto.

"Ang kaalaman at kasanayan na aking nakuha mula sa nakaraan kong trabaho ay lubos na nakatulong sa amin sa maayos na produksyon at mahusay na pamamahala sa aming negosyo," pagbabahagi ni Beth.

Taong 2010 nang makilala niya ang kauna-unahang taga CARD na tumangkilik sa kaniyang produkto. Sa parehong taon din siya naging kasapi

**Sundan sa pahina 8**

## Mga Natatanging Kawani 2014, pinarangalan!

ni Mharra Sarmiento

Noong nakaraang Hulyo 10, 2015 ay pinarangalan ang mga Natatanging Kawani 2014 ng CARD MRI sa CMDI, Barangay Tranca, Bay, Laguna. Ang mga nagwagi ay sina Joel Villasante (Natatanging Kawani Gold), Jonell Escalona (Natatanging Kawani Silver) at Sheryll Leal (Natatanging Kawani Bronze). Ang tatlong kawani ay

**Sundan sa pahina 2**

## Mga Natatanging Kawani 2014

Mula sa pahina 1



*Ang mga pinarangalan sa katatapos na Natatanging Kawani Awarding 2014 kasama ang ilang executive committee members ng CARD MRI: (kaliwa) Jonell Escalona, Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Sheryll Leal, Joel Villasante, Dolores Torres at Lorenza Bañez.*


tumanggap ng kabuuang PhP 35,000.00, *all-expense paid trip for three within the Philippines,* PhP 3,000.00 Mga Likha ni Inay gift certificate, PhP 2,000.00 BotiCARD gift certicate at plake.


Kasabay rin nito ay ang pagpaparangal sa mga Natatanging Kawani para sa ikaapat na sangkapat. Ang mga pinarangalan ay sina Alben Antipuesto, Charisa Tinaya at Ronnil Maliao mula sa CARD, Inc.; Sheryll Leal, Jennifer Ison at Joel Villasante mula sa CARD Bank, Inc.; Rona Lucitaño at Joy Javier mula sa CARD SME Bank, Inc.; Rowell Perez mula sa Rizal Bank, Inc. Ang sampung kawani ay tumanggap ng kabuuang PhP 50,000.00, PhP 2,500.00 Mga Likha ni Inay gift certificate, PhP 1,000.00 BotiCARD gift certicate at sertipiko.


Nabanggit ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtatag at punong tagapamahala ng CARD MRI, sa kanyang talumpati ang katangian na tinataglay ng mga kawani ng CARD. Isa sa mga ito ay ang *camaraderie* at pagtulong ng mga kawani sa kanilang kapwa kawani. Sa kanilang unit ay naroon ang *team spirit* at *teamwork.* Ang isa pa sa katangian na lubos na tumitimo sa kanyang puso ay palaging nasa isipan ng mga kawani ang kanilang mga magulang. Pagkatapos ng mga pananagutan nila sa CARD ay bumabalik sila para tumulong sa kanilang mga magulang. Ipinapadala ang kanilang sahod upang makapagpaaral ng kapatid at makatulong sa pamilya.

Ang Natatanging Kawani ay taon-taong isinasagawa para kilalanin at parangalan ang mga mahuhusay na kawani ng CARD MRI. Nagsimula ito noong 2013 at sa kasalukuyan ay may anim ng Natatanging Kawani sa buong CARD MRI. Isinasagawa ang nasabing parangal upang magsilbing inspirasyon sa mga kawani na paghusayin ang kanilang trabaho.

Inaasahan na marami pang magiging Natatanging Kawani para maging instrumento sa pag-abot sa layunin ng CARD na makatulong sa mga nanay na maiangat sa kahirapan.




## Kauna-unahang Hijos de Visayas Tour, matagumpay na naisagawa

ni Araceli Reas

Basey, Samar – Matagumpay na isinagawa ang kauna-unahang Hijos de Visayas Tour, isang *heritage tour* na tumatalakay sa mayamang tradisyon, kasaysayan at kahalagahan ng kultura ng mga Samareño, noong 9 Agosto 2015. Nagsimula ang nasabing *heritage tour* sa Lungsod ng Tacloban patungong San Juanico Bridge, St. Michael de Archangel Parish, at Saob Cave sa bayan ng Basey, Samar, at sa liwasan at tabing-dagat ng Pagtachan sa bayan ng Balangiga.

Layunin nito na maipakilala ang kahalagahan ng kultura at kasaysayan ng mga nasabing lugar at upang maipakilala ang mga taong nasa likod ng mga makasaysayang pangyayari.

Matatandaan noong 2013, inilunsad ang Hijos de San Pablo Tour na naging matagumpay at tumatak sa mga kliyente ng CARD MRI. Masasabing ang *tour* na ito ay nagsilbing pag-alaala ng mga San Pableño sa mga tradisyon at kultura na kailangang makilala ng bayan o ng buong Pilipinas. Dahil sa tagumpay nito, isinilang ang Hijos de Visayas.

Dinaluhan ang nasabing tour nina Dr. Jaime Aristotle Alip, ang tagapamahala ng CARD MRI at kaniyang maybahay na si Gng. Annie Alip, ilang miyembro ng executive committee ng CARD MRI, Regional Directors at Area Managers ng CARD Bank at CARD, Inc., Provincial Managers ng CARD MBA, at mga kasapi ng CARD, Inc.

Inihanda ang mga pagkaing tradisyunal o orihinal sa probinsiya ng Samar na

Sundan sa pahina 5

## Daan-daang Dabawenya, nakakuha ng libreng serbisyong medikal

ni Raffy Antes

Higit sa limang daang buntis, *lactating*, at *childbearing* na kababaihan sa Davao City ang nakakuha ng libreng serbisyong medikal sa ginanap na Kalinga Kay Inay (KKI) health fair noong 24-25 Hulyo 2015 sa Bankerohan at Matina.

Ang KKI ay proyekto ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang *social development organization* na nakabase sa San Pablo City, Laguna at Freedom from Hunger (FFH) at Microcredit Summit (MCS), mga organisasyong nakabase sa US. "Bukas ang KKI health fairs sa lahat ng mga kababaihang miyembro ng CARD MRI at *partner microfinance institutions* at kahit hindi miyembro," pagbabahagi ni Tria Marie Torres, CARD MRI health coordinator.

Naglalayon ang proyekto na magbigay ng kontribusyon sa pagpapabuti ng kaalaman tungkol sa kalusugan at pagbabago ng pag-uugali ng higit 600,000 kababaihan sa pagtatapos ng 2015. Makatutulong din ito sa pagbawas ng *maternal mortality rate* sa Pilipinas. Isinagawa rin ito bilang pagsuporta sa Millennium Development Goal (MDG) 5.

Nagbigay ng kanilang buong suporta sa proyekto ang yunit ng Davao City Local Government, Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) XI, at Department of Health XI.

Naglagay rin ng isang *booth* ang PhilHealth upang makahikayat at maimbitahan ang benepisyaryo ng *health fair* na magpatala. Tumanggap din sila ng bayad ng kontribusyon, nag-imprenta ng MDRs at tumugon sa iba pang mga tanong at kahilingan. Nagpasalamat sa CARD ang Social Insurance Officer II ng PhilHealth XI, Bb. Kleah Gayle Dublin para sa pagkakaroon ng mga ganitong klaseng aktibidad. Nagtutulungan na ang PhilHealth at CARD simula pa noong 2005.

"Ang lawak ng kamalayan ng mga ina ay nag-iiba sa maraming aspeto, ngunit ang ugat o sanhi ng mga ito ay ang kakulangan ng edukasyon at *access* sa mga pasilidad," sabi ni Dr. Grethel Vasquez, OB-GYN, nang tanungin tungkol sa antas ng kamalayan ng kababaihan sa kalusugan ng ina. Ibinahagi rin ni Dr.

Sundan sa pahina 7

# Beth's Coco Vinegar, inihanda ng MLNI para sa ASEAN Integration

**ni Raffy Antes**



*Isa si Beth sa mga naging benepisyaryo ng isinagawang sesyon ng CARD MRI tungkol sa ASEAN Integration bilang paghahanda sa malaking pagbabagong dulot nito.*

Mahigit 2.8 milyong miyembro ng CARD MRI sa buong Pilipinas kabilang na si Gng. Lilibeth "Beth" de Ocampo ang nakinabang sa ginawang sesyon ng CARD tungkol sa ASEAN Economic Integration.

"Ito ay isang open market," pagbabahagi ni Gng. de Ocampo nang siya ay tanungin kung ano ang ASEAN Integration. "Naging *agenda* ito sa amin ng aming Account Officer (AO) sa panahon ng weekly Credit with Education (CwE) sessions," pagpupuring dagdag ni Nanay Beth sa pagmamalasakit na ibinibigay ng CARD sa kanilang mga kliyente.

Ang pamilya ni Nanay Beth ay naninirahan sa bayan ng Candelaria, Quezon kung saan naroon ang kanilang negosyo na *organic vinegar* na nagmula sa sabaw ng niyog. Si Nanay Beth ang nangangasiwa rito. Siyam na taon nang katuwang ni Nanay Beth ang CARD Bank, Inc. sa pagpapaunlad ng negosyong ito. Ang CARD Bank, Inc. ay isang *microfinance-oriented rural bank* at miyembrong institusyon ng CARD MRI.

Noong 2009, ginamit ni Nanay Beth ang PhP 2,000.00 *loan* sa CARD Bank bilang kapital sa pagsisimula ng negosyo. Napaunlad at napalaki niya ito at noong 2011 ay nalagyan nila ng sariling *label* ang kaniyang produkto - Beth's Coco Vinegar.

Malakas ang kumpiyansa ni Nanay Beth na maraming tao ang tatangkilik ng kaniyang produkto dahil na rin sa magagandang maidudulot nito sa ating katawan. "Sa pamamagitan ng Mga Likha ni Inay (MLNI), ang aming Beth's Coco Vinegar ay maaaring makilala sa lahat ng ASEAN countries," dagdag pa ni Nanay Beth.

Si Nanay Beth ay isa sa mga 343 *regular suppliers* ng MLNI. Ang MLNI ay *product brand* at *marketing institution* ng CARD MRI. Tumutulong ang MLNI upang maabot ang mga kababaihang nasa liblib na lugar na may natatanging talento sa paggagawa ng produkto. Sa pamamagitan ng MLNI, ang mga *local artisan* na miyembro ng CARD MRI ay magkakaroon ng pagkakataong madala ang kanilang produkto sa mas malawak na merkado.

Upang maging *supplier* ng MLNI, kinakailangang maging miyembro ng isa sa apat na pinansyal na institusyon ng CARD MRI - CARD, Inc., CARD Bank, Inc., CARD SME Bank Inc., at Rizal Bank, Inc.

"Akala ko magbabayad lang ako para sa aking inutang at dadalo lamang sa lingguhang pagpupulong sa aming *center*. Hindi ko inakala na isa ako sa magiging *supplier* nila. Bukod sa tulong pinansyal, tinulungan din nila kami para mas makilala ng mga tao ang aming produkto," naluluhang pagbabahagi ni Nanay Beth.

Sa huling bahagi ng kanilang sesyon tungkol sa ASEAN integration, buong galak na ibinahagi ni Nanay Beth ang mga pagsasanay na ibibigay ng CARD pagkatapos ng mga sesyon nila. "Sinabi rin nila sa amin na magbubukas sila ng daan-daang sangay sa buong bansa upang madala ang aming mga produkto sa malalayong lugar," dagdag pa ni Nanay Beth.

Kinumpirma ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtatag at punong tagapamahala ng CARD MRI, ang mabuting balita sa kanilang mga kliyente. "Nakapagsagawa na kami ng maraming pagsasanay na may kinalaman sa pagpapayabong ng mga produkto ng aming kliyente. Ang mga pagsasanay na ito ay mahalaga bilang paghahanda sa kanila sa ASEAN Integration. Naikasa na rin namin ang plano kung saan kami magtatayo ng mga sangay ng MLNI."

Ang Beth's Coco Vinegar ay may *shop* na nakapwesto sa Candelaria, Quezon. Kalimitang nagiging mamimili nila ay mga "balik-bayan" at ang mga mamamayan ng karatig probinsiya. Nakikilahok din sila sa iba't ibang *trade fairs* sa Metro Manila at nagsu-supply ng produkto sa mga pasalubong *centers.*

Nakatutulong din ang Beth's Coco Vinegar sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho sa mahigit sampung kapitbahay nila.

## CMDI, kolehiyo na

**Mula sa pahina 1**

TESDA na maglunsad ng *training* sa Microfinance Technology National Certificate II (NC II MF Tech). Ang kursong bokasyonal na ito ay nakalaan sa pagbibigay ng *basic microfinance competencies* para sa mga naghahangad na maging microfinance loan officers.

Ayon kay Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang pagkakatatag ng *tertiary school* ay isang panibagong tagumpay na maibibilang sa kwento ng CARD MRI. Ang CMDI ay naghahangad na mas maraming matulungang estudyante na may malaking pangarap na makapagtapos ng kolehiyo lalo na ang mga nanggaling sa mahihirap na komunidad. Si Dr. Alip ang tagapagtatag at tagapamahala ng CARD MRI.

"Ang edukasyon ay mahalaga sa pagsugpo ng kahirapan ngunit hindi lahat ay may kakayahang makapag-aral. Sa tulong ng CMDI, hangad namin na makapagbigay ng magandang kalidad ng edukasyon sa abot-kayang halaga," wika ni CMDI Dean Edzel A. Ramos. Ang kabuuang bayad sa buong semestre ay mas mababa kung ikukumpara sa mga *state colleges* at *universities* sa bansa.

Dagdag pa ni Dean Ramos na ang CMDI ay tumatanggap ng mga iskolar lalo na ang mga suportado ng CARD Scholarship Program (CSP).

Ang mga interesadong estudyante ay maaaring makipag-ugnayan kay Ms. Rona Almagro sa numerong (049) 573-0031 o 0947-890-2759 o di kaya ay mag-email sa card.cmdi@cardbankph.com.

Ang CMDI ay matatagpuan sa Barangay Tranca, Bay, Laguna.


**CARD MRI Insurance Agency, Inc.**
A member of CARD MRI

Kahandaan para sa siguradong bukas



Bawat araw na dumaraan ay may mga pangyayaring hindi natin inaasahan tulad ng lindol, bagyo, sunog at kung ano-ano pang sakuna. Sadyang nakakabit na ito sa ating mundong ginagalawan. Hindi natin ito maiiwasan ngunit ito ay ating mapaghahandaan.

Kaya naman ang CARD MRI Insurance Agency (CaMIA) ay nais maihanda ang bawat isa sa panahon ng walang kasiguruhan. Sa pamamagitan ng ahensiyang ito ay maraming Pilipino ang nakapaghahanda upang malampasan ang hagupit ng anumang sakuna. Ang CaMIA ay nakapaghatid na ng P438,328,071.00 *insurance claims* sa 88,323 katao sa buong bansa mula taong 2008 hanggang Mayo ng 2015.

Nito lamang taong 2015 ay inilunsad ang isa sa mga pangunahing produkto ng CaMIA, ang SAGIP Plan. Ito ay ang programang handog ng CARD MRI na naglalayong makapagbigay ng abot-kaya at kumpletong seguro sa masang Pilipino.

Hindi sa lahat ng pagkakataon ay kailangan nating maging kampante. Kailangan nating maghanda para sa bukas na paparating. Dahil wala sa ating mga kamay ang bukas, kailangan nating magsiguro sa pamamagitan ng pagkakaroon ng seguro.

Narito ang ilang salaysay mula sa mga natulungan na ng CaMIA:



*"Ang pagkakaseguro namin mula sa CaMIA ay napakalaking tulong sa mabilis naming pagbangon matapos ang biglaang pagpanaw ng aking kapatid. Hindi natin alam kung kailan tayo lilisan kung kaya't dapat maging handa tayo at maging ang kaayusan ng ating pamilya sa lahat ng pagkakataon."*

Nakita ni Emilia Molinyawe ang kahalagahan ng pagpapaseguro ng kaniyang buhay at maging ang kaniyang pamilya mula sa mga hindi inaasahang pangyayari.



*"Laking pasasalamat ko sa CaMIA dahil naging katuwang namin ito upang makabangon mula sa pinagdaanan ko at ng aking mga anak. Sa panahon ngayon, dapat tayo ay laging handa lalo't higit sa lahat sa mga biglaang pangyayari... sa mga hindi inaasahang pagkakataon."*

Si Susana Andal ay nag-iisa na lamang itinataguyod ang tatlo niyang anak matapos ang trahedyang nangyari sa kaniyang asawa. Nakatulong sa kaniya ang segurong kaniyang natanggap sa mabilis na panunumbalik sa normal na pamumuhay ng kaniyang pamilya.

**Sagip Plan**

Mahalaga para sa atin na magkaroon ng maayos na pamumuhay ang bawat miyembro ng ating pamilya. Sa mga hindi inaasahang pagkakataon, kailangan nating maging protektado. Dahil dito inihahandog ng CaMIA ang **SAGIP PLAN** na magbibigay seguro sa bawat miyembro ng ating pamilya. Ang Sagip Plan ay may dalawang uri: (1) Family Package (prinsipal na nakaseguro, asawa at 2 anak) na nagkakahalaga ng P2,000.00; at (2) Individual Package na nagkakahalaga ng P1,700.00 (para sa inyong mga anak na may edad 14 na araw hanggang 18 taong gulang, maaari mo silang mabigyang seguro sa karagdagang P125.00 bawat isa).

***Mga Benepisyo***

Personal Accident Benefit

| Aksidente na nagdulot ng | Benepisyo | | |
|---|---|---|---|
| | Prinsipal | Asawa | Bawat Anak |
| Pagkamatay | P150,000 | P5,000 | P5,000 |
| Pagkaputol ng dalawang kamay o dalawang paa o pagkabulag ng dalawang mata | P150,000 | P5,000 | P5,000 |
| Pagkaputol ng isang kamay at pagkabulag ng isang mata | P150,000 | P5,000 | P5,000 |
| Pagkaputol ng isang paa at pagkabulag ng isang mata | P150,000 | P5,000 | P5,000 |
| Pagkaputol ng isang kamay at paa | P150,000 | P5,000 | P5,000 |
| Pagkaputol ng isang kamay o isang paa o pagkabulag ng isang mata | P75,000 | P2,500 | P2,500 |

**Paalala:** *Ang mga benepisyong ito ay may exclusion o mga pangyayaring hindi nasasakop.*

Calamity Aid

| Pagkasira ng bahay sanhi ng | Benepisyo (hindi hihigit sa) |
|---|---|
| Sunog | P30,000 |
| Bagyo | P5,000 |
| Lindol | P1,000 |

Funeral Benefit

| Prinsipal | Asawa | Bawat Anak |
|---|---|---|
| P15,000 | P5,000 | P5,000 |

**CARD Care**

Ang ating kaligtasan ay hindi natin kontrolado. Gaano man tayo mag-ingat, may mga pangyayari pa ring hindi natin mapipigilan.
Kaya naman, handog namin ang CARD Care para sa lahat. Ito ang maghahanda sa atin sakaling dumating ang hindi inaasahang pangyayari sa ating kalusugan at pangangatawan.

***Mga Benepisyo***

| | Halaga |
|---|---|
| Personal Accident | P5,000 |
| Daily Accident Hospital Benefit (DAHB) | P200/day |
| Daily Sickness Hospital Benefit (DSHB) | P200/day |

**Paalala:** *Ang pinagsamang DAHB at DSHB ay maaari lamang magamit hanggang 15 araw sa loob ng isang taon.*

**Funeral Care**

Darating ang panahon na tayo'y lilipas at kailangan mamaalam. Dahil hindi natin ito maiiwasan, inihahandog ng CaMIA ang Funeral Care na magbibigay ng abot-kayang Funeral Assistance Plan sa inyo para sa kahandaan at ikabubuti ng mga maiiwan nating kapamilya.

| Premium | | |
|---|---|---|
| Regular Members | Premium | Plan |
| 18-65 years old | P250.00 | P30,000.00 |
| 66 years old renewable up to age 75 | P575.00 | |


Benepisyo

Kabilang sa Funeral Service Package na may P30,000.00 na halaga ng kanilang plan ang mga sumusunod:
- Kabaong
- Pagkuha ng labi sa lugar ng kamatayan
- Embalming services
- Tatlong araw na paglalamay
- Tulong sa pagkumpleto ng mga dokumento at pagkuha ng permiso
- Viewing equipment at iba pang kagamitan
- Transport service papunta sa lugar ng paglilibingan
- Paglilibing

**Paalala:** *Ang coverage ay para sa isang tao lamang (plan holder) at ito ay hindi maaaring mailipat kaninuman.*

## EDITORYAL

# Lipunang walang pulubi




*Awardee* ng Nobel Peace Prize kasama ang kaniyang founder na si Muhammad Yunus noong 2006, ang Grameen Bank ay may programang "Struggling Members' Program"para sa mga pulubi. Ang programa ay naiiba sa karaniwang *microfinance program* dahil sa walang tubo ang perang hiniram at maluwag ang pagbabayad kung kailan may sapat na pera ang pulubing miyembro. Ang bayad ay dapat galing sa kita mula sa paglalako ng mga sarisaring produkto tulad ng tinapay, kendi at laruan. Ang mga paninda ay kinukuha sa mga *supplier* na kinasundo ng Grameen Bank na gumagarantiya rin sa kahihinatnan ng mga paninda.

Ang mga pulubing miyembro ay di kinakailangang dumalo sa nakagawiang lingguhang pulong at di rin kailangang bumuo ng *"solidarity group."* Ang mga miyembro ay nakahihiram ng $12 hanggang $15 na tulad din sa *regular microfinance loan* na walang *collateral.* May pagkakataon ding magkaroon ng *insurance* at makabili ng kumot, kulambo, at payong sa pamamagitan ng perang hiniram. Ngayon, mayroon nang humigit-kumulang na 100,000 pulubi ang nasasakupan ng programa at higit 10,000 ay nilisan na ang pamamalimos.

Ang dami ng pulubi sa isang bansa, kung isasantabi ang mga taong ginagawang negosyo ang pamamalimos at ang mga sapilitang pulubi ng mga sindikato, ay isang indikasyon ng kahirapan sa isang bansa. Di tiyak ang dami ng pulubi sa Pilipinas kung saan naging tampok na usapin ang pagtatago sa mga pulubing taga Metro Manila sa isang mamahaling *resort* nang bumisita si Pope Francis noong Enero ng taong ito.

Ang pinakamalaking grupo ng mga institusyong nagbibigay ng *integrated microfinance* and *social services* sa ating bansa, ang CARD MRI ay may programa para sa mga ubod ng hirap at sa mga lugar na mahirap puntahan. Ang mga lugar na mahirap puntahan tulad ng kabundukan at mga isla na kulang sa mga imprastruktura ay karaniwang luklukan din ng mga maralitang bagama't may kinakain ay kapos sa maraming bagay tulad ng maayos na tirahan, kabuhayan, edukasyon, proteksyon sa pagkakasakit, pinsala, atbp.

Tinawag na Development Services for the Hardcore Poor o DSHP, sinimulan ang programa noong 2012 sa mga pamayanan ng Quezon at Bikol na hindi pa naabot ng mga *microfinance institutions*. Nagsimula ang tulong sa mga naunang kasapi sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga *medical services*, edukasyon tungkol sa mga serbisyo ng CARD MRI at ang kahalagahan ng mga ito sa kanila, at pangkabuhayan pagsasanay na maaaring pagsimulan ng maliit na negosyo.

Batay sa report noong kalagitnaan ng taong ito, may 12,680 pamilyang napagsilbihan ang programa mula nang simulan ito. Nakapagbukas din ng mga bagong unit para abutin ang mga higit na nangangailangan ng tulong sa mga isla ng Polillo, Culion, Limasawa, Capul, Daram, Homonhon, Pilar, Pres. Carlos P. Garcia, Sitangkai, Tandubas, Catanduanes at Romblon. May 4,201 miyembro at nakalaang pautang na kulang-kulang sa PhP10M, ang koleksyon ng bayad ay nakasisiglang 100% kung isasaalang-alang na ubod ng hirap ang pinahiram.

Patuloy ang CARD MRI sa pagpapalawak ng abot nito kahit sa mga lugar na kinatatakutan dahil sa tunggalian ng mga pwersang magkakaiba ng prinsipyo at pinaglalaban. Pinasok na rin nito ang Lanao del Sur at Maguindanao, ang dalawang lalawigang nangunguna sa listahan ng mga ubod ng hirap sa Pilipinas. Kung marami pang *microfinance institutions* ang mangangahas na tunguhin ang mga lugar ng nagdarahop maging ng mga pulubi anumang hirap o layo, mapapabilis ang pagsasakatuparan ng pagpuksa sa kahirapan at liliwanag ang daan para sa lipunang walang mahirap at walang umaasa sa limos ng iba.

**SULONG!**
**Editorial Board**

Dr. Enrique Navarro
*Editor-in-Chief*

Dr. Jaime Aristotle Alip
*Editorial Adviser*

Marilyn Manila . Cleofe Figuracion
*Managing Editors*

Cyrene Grace Lubigan
*Associate Editor*

Jeffrey Tandingan . Lynie Joy Ambatang
Raffy Antes
*Writers*

Araceli Reas . Lourdez Virtudez
Tricia Marie Pedraja
Mharra Sarmiento
*Contributors*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI . Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala sa e-mail sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.

# Mensahe mula sa Tagapagtatag at Punong Tagapamahala ng CARD MRI



Dr. Jaime Aristotle B. Alip

Itinatag ang CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) upang magbigay ng *trainings* o mga pagsasanay sa mga kawani at miyembro ng CARD MRI noong 2005. Dito hinubog hindi lamang ang kakayanan ng mga kawani at miyembro kundi pati na rin ang mga kaugaliang isinasapuso ng CARD.

Ngunit kagaya ng pabago-bagong panahon ay nagbabago rin ang mga pangangailangan ng aming mga kawani at miyembro. Sa bawat bagong oportunidad na kanilang hinaharap ay may mga bagong kasanayan at dunong na kinakailangan nilang matutunan. Dito namin naisip na palawakin pa ang nasasakop na serbisyo ng CMDI. Kaya naman, malugod kong ibinabahagi sa inyo na simula ngayong taon ay nagbibigay na rin ang CMDI ng *tertiary education* sa mga nagnanais mag-aral ng kursong BS Entreprenuership. Ang kursong ito na nasa ilalim ng School of Microfinance and Development ay may *specialization:* sa Microfinance.

Mula pa noon ay binibigyang importansya na ng CARD ang edukasyon. Patuloy ang pagbibigay ng CARD ng scholarship para sa mga kawani, miyembro at kanilang mga anak. Ang pagbubukas ng CMDI bilang kolehiyo ay lalong nagpatibay ng aming misyong mabigyan ng pagkakataong makapag-aral ang mga estudyanteng nagpapamalas ng kahusayan at dedikasyon. Sa katunayan, mayroong mga kawani at anak ng miyembrong iskolar sa CMDI sa kasalukuyan.

Umaasa rin kami na sa pamamagitan ng pagbabahagi ng aming kaalaman sa *microfinance* at *social development* ay patuloy naming mapaghuhusay ang mga mamamayang nagnanais maging bahagi ng kaunlaran ng Pilipinas. Ang aming hangad ay mahubog ang kamalayan ng mga kabataan na ang kanilang angking talento, galing, at talino ang kanilang magiging kontribusyon sa paggapi ng kahirapan sa bansa. Naniniwala kami na sa pamamagitan ng de-kalidad na edukasyon, ang kaunlaran ay mas mabilis nating makakamit.

Ang pagbubukas ng CMDI bilang kolehiyo ay maituturing na isang marka sa kasaysayan ng CARD MRI. Tunay nga na ang pagbabago ng kasaysayan ay hindi madali ngunit ito ay magiging kapaki-pakinabang sa huli. Sama-sama nating abutin ang matatag na bukas para sa sambayanan.




# Katapatan sa kabila ng kahirapan

**ni Lourdes Virtudez**



*Ang mag-inang Herminia at Grace Constantino na piniling maging tapat kahit sa gitna ng kagipitan.*

May mga pagkakataong sinusubok tayo kung gaano tayo katapat hindi lamang sa ating mga sarili gayundin sa ating kapwa. Tulad na lamang nina Nanay Herminia Constantino at kaniyang anak na si Grace Constantino ng Brgy. Balugo, Sta. Cruz, Marinduque. Nasubok ang kanilang prinsipyo sa paggawa nang tama. Ibinalik nila ang sobrang PhP 10, 000.00 na na-*withdraw* nila mula sa MATAPAT (ATM) Savings Account. Agad niya itong ipinagbigay alam sa Branch Manager ng CARD Bank – Sta. Cruz Branch.


Sa kabila ng kasalatan sa salapi at matinding pangangailangan sa pera dahil kasalukuyang nagpapagamot si Nanay Herminia ng dahil sa bukol sa kaniyang matres at sinabayan pa ng *kidney stones*, hindi nila kinalimutan ang kanilang prinsipyo sa paggawa ng tama kahit malaki ang maitutulong nito.

"Kami po ay tapat na tao. Hindi po namin kukuhanin ang alam po naming hindi sa amin. Nakakokonsensya rin 'yung kukuha ka ng alam mo namang hindi sa'yo," ayon sa mag-ina.

Kahanga-hanga ang mga ganitong mamamayan, na sa kabila ng kagipitan at kahirapan ay hindi sila nagpapadala sa tukso ng salapi. Ang tulad ng mag-inang Herminia at Grace ay ilan lamang sa bibihirang tao sa ating lipunan na nagsisilbing magandang ehemplong dapat tularan.

# Kauna-unahang Hijos de Visayas

**Mula sa pahina 2**



*Binisita ng mga nakilahok sa kauna-unahang Hijos de Visayas tour ang Saob Cave kung saan matatagpuan ang isang grupo ng kababaihan na karamihan ay mga miyembro ng CARD, Inc. na gumagawa ng banig gamit ang tikog.*

nagustuhan naman ng mga bisita. Marami ring magagandang lugar ang dinaanan at isa na rito ang Saob Cave kung saan makikita ang mga naghahabi ng banig gamit ang tikog na karamihan sa kanila ay kasapi ng CARD MRI.

Sa *tour* na ito, maraming nadiskubre ang mga bisita maging ang mga kasaping Samareñong nakilahok ay namangha sa kasaysayan ng kanilang bayan. "Ngayon ko lang nalaman na ganito pala ang nangyari sa Basey noon, marami akong nalaman sa aming lugar at nakatikim pa ng masasarap na pagkain," pagbabahagi ni Maria Cañamaso, kasapi ng CARD, Inc. Ayon kay Maria, marami siyang natutunan sa *tour* na tiyak na babaunin niya at ibabahagi sa kanilang barangay.

Inaanyayahan namin kayo na muling tuklasin ang kuwento ng Samar at Leyte. Hindi lang ang inyong mga tiyan at mata ang mabubusog dahil sa masasarap na pagkain at magagandang tanawin. Mabubusog din kayo sa mayamang kultura, tradisyon, at kasaysayan ng mga Leyteño at Samareño.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag lamang sa numerong ito: 049-562-4309 *local* 108 o maaari kayong mag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com. Hihintayin namin kayo!

## Repleksyon

# Patungo sa perpektong mundo

**ni Jeffrey Tandingan**

Napakasaya sana ng mundo kung bukas ang ating isipan para intindihin ang bawat isa. Isang mundo na hindi kayang ilarawan ng ating diwa. Isang mundong salungat sa ating normal na nakikita. Masaya. Maganda. Nagkakaisa. Halos perpekto.

Ngunit tila napakalayo natin sa larawan ng mundong nais nating makita. Magulo, maingay, mapanganib, nakakatakot. Napakalayo sa pagiging perpekto.

Napuno na ng gulo at galit, ng paghagulgol at sakit. Tila ba ang ating kagustuhang mapalapit sa perpektong mundo ay mananatili na lamang isang pangarap.

Hindi pagkakaunawaan at pagpapataasan. Ito ang kapintasan ng milyon-milyon o bilyon-bilyon pa ngang mga tao sa mundo. Ito ang dalawang kaugaliang naglulugmok sa dusang ating kinalalagyan ngayon.

Sa sobrang pagmamataas, nakalimutan na kung paano makinig at umunawa. Ang isa naman dahil hindi nabigyan ng pang-unawa, mapupuno ng poot at galit. Ang resulta, karagdagang kadungisan na naman sa ating mundong ginagalawan.

Ang pagbubukas ng ating isipan ay lubos na makatutulong upang bumuo ng isang maayos na relasyon sa ating kapwa. Kung sa una pa lang ninyong pagkikita ay magsasabi ka na ng "di ko siya feel," isinasarado mo na agad ang pintuan mo sa kaniya. Nahusgahan mo na siya kahit wala ka pa ni isang bagay na nauunawaan sa kaniya.

Maging bukas sa isang maayos na pag-uusap upang magkaroon ng pagkakaintindihan. Sa pagitan ng mga taong hindi nagkakaunawaan, huwag ninyong isasarado ang pagkakataon na makita ang ganda at mabuting ugaling taglay ng bawat isa. Huwag lamang tayong magpokus sa masama nilang ugali, dahil ikaw rin ang magiging biktima kapag ikaw ay hindi na makaahon dahil kinain ka na ng pagkamuhi mo sa isang taong ni minsan ay hindi mo ginustong makilala.

Sabi nga sa kanta ng Siakol, "Gawing langit ang mundo. Makakaya natin 'to. Sa simula ikaw at ako, tapos sila hanggang maging lahat na tayo." Magsimula sa sarili hanggang maging bukas ang iba sa ganitong klaseng gawain. Di maglalaon, mapabubuti natin ang ating mundong ginagalawan.

## Go Hwos!

**ni Tricia Marie Pedraja**

***"Kalesa'y may pang-akit na taglay~"***
CARD MRI Performing Arts Group. Isang grupo ng kabataan na ang pangunahing layunin ay ipakita ang mga kaugalian at tradisyon ng bayan ng San Pablo sa modernong panahon at ipakilala sa lahat ang kagandahan ng kultura ng ating bayan mula pa noong unang panahon.

***"Maginhawa't di maalinsangan~"***
Binubuo ito ng mga bata na anak ng miyembro at kawani ng CARD MRI na lubusang hinasa sa loob ng humigit-kumulang tatlong buwan. Nagsimula ito ng Abril 2015 sa kakaunting bilang at nagtapos sa 24 na miyembrong iba't iba ang edad.

***"Nakakahalina kung pagmasdan~"***
Mula sa pinakabata na anim na taong gulang hanggang sa pinakamatanda na nasa kolehiyo na, makikita ang kasabikang matuto at maibahagi ang kani-kanilang talento. Tunay ngang pinaggugulan nila ito ng pagod, hirap, at panahon upang mabuo ang kanilang itatanghal.

***"Kalesa ay pambayang sasakyan~"***
Sa tulong ng mga propesyonal sa pagtuturo, mas lalong napaunlad ang kakayahan ng nasabing kabataang sa larangan ng pag-awit at pagsayaw.

***"Kabayo ay di natin problema~"***
Sa loob ng maikling panahon ng kanilang pagsasama ay nabuo ang malalim na ugnayan at pakikipagkaibigan sa bawat isa.

***"Pulot at damo lang ay tama na~"***
At tuluyang pagbuo ng isang pamilya nang dahil sa mga taong patuloy na sumusuporta, nagtuturo at nagsisilbing magulang sa kabataang ito.

***"Matulin din sa kalsada, tumatakbong maginhawa~"***
Sa kabila ng mga pagkakaiba-iba sa pinagmulan at paniniwala ay umusbong ang isang bagong pamilya.

***"Wala pang gasolina~"***
Isang pamilya na magiging parte na ng buhay ng kabataan sa panghabang-buhay.

## Ano'ng Nangyari sa Pamana?

**ni Ike Navarro**

May tama ng punglo nang matagpuan ka
Ang mura mong edad ay binalewala
ng isang sadistang nais magsaya
habang ang iba ay nagdurusa.


Salamat sa mapagpalang kamay
na nagligtas sa'yo sa kamatayan
at pinalawig pa ang iyong buhay
upang muling lumaya sa kagubatan.


Ang katangian ng lahi mo'y kakaiba
sa mga ibong sa daigdig ay naglipana
Ang pakpak mo kung malawak na nakabuka
ay nagpapaibayo ng anyo mo at ganda.

Kakaunti na kayo at nakalulungkot
na inaabangan kayo ng mga buktot.
Ano ba't sila ay nakalulusot
sa dapat ay protektadong bundok?

Bininyagan ka ng pangalang Pamana
na sumasagisag sa pagpapahaba
at pagpapatuloy ng lahing marilag
na sa Pilipinas lamang namamayagpag.

Subalit ano ang nangyari sa iyo, Pamana?
Di tulad noong una, di ka pinalad sa pangalawa.
Hangga't walang malasakit at pangangalaga,
wala nang pamanang tatamasahin pa.



# Education Programs

CARD MRI
*Katuwang ninyo sa pagtupad ng inyong pangarap!*

## Zero Dropout Program
### (Elementary Education Loan Program)

Nilalayon ng programang ito na matulungan ang mga pamilya na mapag-aral at siguraduhing mapagtapos ang kanilang mga anak sa elementarya.

**Pamantayan:**
- ☑ Dapat ay isang kasapi o nais maging kasapi ng CARD MRI.
- ☑ May anak o kamag-anak na nasa elementarya pababa.
- ☑ Makapasa sa pagsusuri ng AO at UM ang aplikasyon ng *education loan.*

**Loan Features:**
- ⇨ Makakahiram ng Php1,500.00 hanggang Php3,000.00.
- ⇨ Php 1,000.00 pagtaas sa mga susunod na paghiram.
- ⇨ Mababayaran ang hiniram hanggang sa isang taon.
- ⇨ *1% interest rate per month diminishing.*

## UP Education Loan Project

Nilalayon ng proyektong ito na abutin ang mag-aaral na nasa kolehiyo upang masiguro na magkaroon ng makabuluhan at maayos na kinabukasan ang tinagurian nating mga "Iskolar ng Bayan."

**Pamantayan:**
- ☑ Ang mag-aaral ay dapat anak o kamag-anak ng miyembro o magiging miyembro ng CARD MRI.

**Loan Features:**
- ⇨ Makakahiram ng Php1,500.00 hanggang Php10,000.00.
- ⇨ Mababayaran ang hiniram sa 1, 3 o hanggang 6 na buwan.
- ⇨ Maaaring bayaran ang hiniram ng *weekly, semi-monthly, monthly* o *lumpsum.*
- ⇨ *1% interest rate per month diminishing.*

## UPang Education Loan Program

Nilalayon ng programang ito na matulungan ang mga estudyante ng University of Pangasinan (Phinma Education Network) sa kanilang pag-aaral at ang kanilang pamilya na maging maayos ang kanilang pamumuhay.

**Pamantayan:**
- ☑ Ang magulang o *guardian* ng aplikante ay dapat isang kasapi o nais maging isang kasapi ng CARD MRI.
- ☑ Ang aplikante ay may *endorsement* mula sa *Dean* ng kanilang departamento.
- ☑ Makapasa sa pagsusuri ng AO at UM ang aplikasyon ng *education loan.*

**Loan Features:**
- ⇨ Makakahiram ng hanggang Php10,000.00.
- ⇨ Mababayaran ang hiniram na pera sa 1, 3 o hanggang 6 na buwan.
- ⇨ Lingguhang pagbabayad.
- ⇨ *18% interest rate per annum.*

## Educational Loan

Ang produktong ito ay dinisenyo para makapagbigay oportunidad sa mga anak o kamag-anak na nasa pangangalaga ng mga kasapi ng CARD MRI upang matulungan sila na makapagtapos ng pag-aaral.

## CARD MRI Scholarship Program

Tumutulong ang CARD MRI sa pag-abot ninyo at ng inyong mga anak sa inyong mga pangarap sa pamamagitan ng *scholarship program*.

**CSP1 / CSP Partnership / CaMIA Scholarship / CSP-IP**

**Pangunahing pamantayan:**
- ☑ Ang nais maging iskolar ay dapat may magulang na tatlong taon ng kasapi ng CARD MRI.
- ☑ Ang magulang ng bata ay dapat may magandang *record* bilang isang kasapi ng CARD MRI sa nakalipas na tatlong taon.
- ☑ Ang nais maging iskolar ay dapat may 80% *general average* sa nakaraang *school year* o nakaraang *grading period.*
- ⇨ Ang mga iskolar ay makatatanggap ng *allowance* na ibinibigay tuwing Hunyo, Setyembre, Disyembre at Marso.

  Full Scholar - Php3,000.00 | Half Scholar - Php1,500.00

**Balik Eskwela si Nanay**

**Pangunahing pamantayan:**
- ☑ Dapat ay tatlong taon ng kasapi ng CARD MRI.
- ☑ Dapat ay may magandang *record* bilang kasapi ng CARD MRI sa loob ng tatlong taon.
- ☑ Ang aplikante ay dapat kumpleto ang *requirements* upang makapag-aral sa *high school* o kolehiyo.
- ⇨ Ang mga *college scholar* ay bibigyan ng pangmatrikulang hindi hihigit sa Php8,000.00 kada semestre at may *allowance* na Php1,500.00 na ibinibigay tuwing Hunyo at Disyembre.
- ⇨ Ang mga *high school scholar* ay tatanggap ng *allowance* na Php3,000.00 at ito ay ibinibigay tuwing Hunyo.

## OJT Program

Ihahanda namin ang inyong anak o kamag-anak sa pagsisimula nilang magtrabaho o magnegosyo. Ang programa ring ito ay nagbibigay kaalaman sa mga estudyante na anak o kamag-anak ng kasapi ng CARD MRI.

**Kakailanganin:**
- ☑ Dapat ay anak o kamag-anak ng kasapi o kawani ng CARD MRI.
- ☑ Ang aplikante ay dapat magsumite ng *resume.*

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

**CARD MRI Executive Office**
**Community Development Group**
**Resource Mobilization / Partnership Unit**

20 M.L. Quezon Street, City Subdivision, San Pablo City, Laguna, Philippines 4000
Tel. (63-49) 562-4309 Local 82-219 | E-mail: cardscholar@cardbankph.com



***Paalala:*** *Ang UPang Educational Loan Program ay para lamang sa mga mag-aaral na nasasakop ng Phinma Education Network. Gayundin, ang UP Educational Loan Project ay bukas sa lahat ng mag-aaral ng kampus ng Unibersidad ng Pilipinas.*

# Daan-daang Dabawenya

**Mula sa pahina 2**




*Nagsagawa ang CARD MRI ng ikaapat na Kalinga kay Inay (KKI) health fair sa Bankerohan at Matina, Davao City upang magbigay ng libreng serbisyong medikal sa mga buntis, lactating, at childbearing na mga kababaihan.*

Vasquez na ang ilan sa kanilang mga buntis na pasyente sa *health fair* ay nasa bilang 13 taong gulang.

Idinagdag ni Dr. Vasquez na ang pagtututro sa mga ina na magkaroon ng *prenatal check-up* sa loob ng unang tatlong buwan at ang pagbabahagi sa kanila ng maraming programa ng lokal na pamahalaan [at CARD] ay isang magandang tulong.

Nagbigay ng libreng serbisyo sa mga benepisyaryo ang 12 OB-GYNs, tatlong *general physician*, isang *pediatrician,* walong *nurses*, limang Barangay Health Workers (BHW), isang *nurse phlebotomist*, at isang *medical technologist* (MedTech).

Ilan sa serbisyong ibinigay sa *health fair* ay *urinalysis*, medikal na konsultasyon, at *ultrasound check*. Binigyan din ng *mother's kit* ang mga buntis na kababaihan na naglalaman ng *mild liquid soap* para sa mga sanggol, *cotton balls* at *buds, diapers* para sa bagong ipinanganak na bata, *baby oil, alcohol,* at *digital thermometer.* Mayroon ding libreng gamot para sa lahat.

Inilunsad ang Kalinga kay Inay noong 2014 at nakapagsagawa na ng *health fairs* sa mga probinsya ng Palawan, Bicol, Samar, at Leyte. Ang isinagawang *community health fair* sa Davao City ay ang ikaapat na *community health fair.* Samantala, magkakaroon ng huling *community health fair* sa North Luzon bago matapos ang 2015. Sa kasalukuyan, ang KKI ay nakapaghatid na ng serbisyong medikal sa 5,524 na buntis, *lactating*, at *childbearing* na kababaihan at 279,441 kababaihan sa pamamagitan naman ng Credit with Education (CwE).

Ang CwE ay bahagi ng layunin ng proyekto na magbigay ng kontribusyon sa pagpapabuti ng kaalaman sa *maternal health* ng babae at palakasin ang pagbabago ng pag-uugali. Ang modyul ay "Healthy Pregnancies Make Healthy Communities." Dagdag dito, ang nasabing CwE ay naisagawa na sa Bicol, Palawan, Leyte, at Panay Island. Sa paglipas ng susunod na anim na buwan, ang pagpapatupad ng nasabing modyul ay maihahatid pa sa apat na lugar sa Visayas, walo sa Luzon, at lima sa Mindanao. Inaasahang makakaabot ito ng mahigit 860,431 kababaihan bago matapos ang 2015.

## MLNI, inihahanda

**Mula sa pahina 1**



*Si Beth Agarao ay patuloy na pinagbubuti ang kaniyang antas ng pamumuhay sa tulong ng kaniyang negosyong itinataguyod. Ang nasa kaliwang larawan ay ang mga produktong barong ni Beth.*

ng CARD. “Nang ako’y maging kasapi sa CARD, bumuhos hindi lamang ang order sa amin kundi nagbukas ito ng napakaraming oportunidad,” pag-alala ni Beth. “Kabilang ang iba pang mga negosyante, kami ay tinulungan ng MLNI na pagtibayin at palakasin ang aming mga negosyo upang maging handa kami sa pagpasok sa mas malawak na merkado.”

Ipinakikilala rin ng MLNI ang husay at galing ng mga kasapi ng CARD MRI sa paggawa ng mga maipagmamalaking mga produkto sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga *fashion show* lokal man o internasyonal. “Malaki ang aking pasasalamat sa MLNI sa tiwalang ibinibigay nila sa gaya naming may maliliit lamang na negosyo. Napakasayang makitang ang mga banyaga ay tinatangkilik ang aming produkto,” masayang pagbabahagi ni Beth.

“Malaki ang naitulong ng MLNI sa aking negosyo. Kalahati ng kinikita ko ay nagmumula sa MLNI. Ang mga pagsasanay na ibinigay nila sa akin ay nagbukas ng napakaraming oportunidad upang mas makilala pa ang aking produkto,” dagdag pa ni Beth.

Ang MLNI ay nakatakdang magbukas ng mga *boutique* at kiosko sa 22 lugar sa bansa bago magtapos ang taon. “Sinisigurado naming naroon kami kung saan kami higit na kailangan,” sabi ni Chairman Aristeo Dequito ng MLNI. Kasama ang mga institusyon at mga organisasyon na may layuning katulad ng sa amin, patuloy kaming maghahatid ng pinakamahusay na serbisyo sa mga manggagawa at mga negosyante upang mapaghandaan nila ang bukas na paparating,” dagdag pa niya.

Isa pa sa mga ginagawa ng MLNI ang pagsasagawa ng mga pagsasanay na humuhubog sa talento ng mga kasaping negosyante ng CARD MRI upang mas maisaayos at mas mapaganda pa ang kanilang mga produkto na maaaring ipanlaban sa mga naglalakihang mga kompanya.


Experience the **JOY** to work with people

Live the **PASSION** to help people improve their lives

Have the **HEART** to serve others

**J O I N U S**

and be part of our 9,000-strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility and simplicity. We sustain the lives of our 3.1 Million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower Filipinos towards nation building.

**AVAILABLE POSITIONS**

**10 PHARMACY ASSISTANTS**

Must be a CARD staff for at least two years, Officer position at CARD and a graduate of any 4-year course. The Pharmacy Assistant is responsible in dispensing medicine under the supervision of Pharmacist, checking and managing stock inventory, refilling and displaying of stocks, assisting pharmacist in organizing and implementing pharmacy activities.

**20 INTERNAL AUDITORS**

Must be a graduate of Bachelor of Science in Accountancy. The Internal Auditor is responsible for the audit of branches and other banking offices and is expected to provide assistance to branches in the implementation of Internal Control System.

**GENERAL QUALIFICATIONS**

- ☑ Male (single/married) or Female (must be single)
- ☑ 19-30 years old
- ☑ With pleasing personality and excellent in interpersonal skills
- ☑ With competent oral and written communication skills
- ☑ Computer literate
- ☑ Must be willing to be assigned in any area of CARD operations
- ☑ Not related to any CARD employees (except for CARD Scholars)

**REQUIREMENTS**

- ☑ Resume with recent 2x2 picture (white background)
- ☑ Application letter
- ☑ Photocopy of Transcript of Records

All interested applicants are invited to apply in any CARD offices near you!

For inquiries, contact
CARD MRI HRD Office at: (049) 562-4309

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity-building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions



CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

*Natatanging Kawani Awards 2015*

**Nilalayon ng CARD MRI na mabigyang parangal ang mga kawaning nagpamalas ng katangi-tanging kontribusyon upang mapuksa ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng mabuting pagganap sa kanilang mga tungkulin bilang kawani ng institusyon.**

**Kung ikaw ay may nais i-nominate, maaaring makipag-ugnayan sa Comunity Development Group sa numerong (049) 562-4309 o sa email na natatangingkawani@gmail.com. Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.cardmri.com!**

